7

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 4: Aralin 1 (para sa Unang Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Leomar G. Mercado (Pagsanjan Integrated National High School)

**Tagasuri**
- Joel Costa Malabanan (Philippine Normal University, Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY-ARALIN**

**FILIPINO, KUWARTER 4, BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng iskrip para sa shadow play tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan ng Obra Maestra – Ibong Adarna***<br>*a. Nakatutukoy ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng paglikha ng Obra Maestra- Ibong Adarna.*<br>*b. Nakapaglalahad ng ideya at impormasyon tungkol sa akda.*<br>*c. Napahahalagahan ang pagtalakay sa kaligirang pangkasaysayan ng isang mahalagang akda.*<br>***Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa***<br>*a. Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa Ibong Adarna*<br>***Nasusuri ang mga tekstong biswal na makikita sa Ibong Adarna***<br>*a. Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal sa Obra Maestra- Ibong Adarna* |

| | |
|---|---|
| **C. Nilalaman** | • Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna<br>Saknong 1-6<br>• Elemento ng Obra: Ibong Adarna (Tauhan, Tagpuan, Tunggalian). |
| **D. Integrasyon** | Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga kaugnay na paksa, tema, o adbokasiya. Kabilang sa integrasyon ang promosyon ng mga mahahalagang paksa na dapat mapalutang sa kahingian ng pagpapayaman ng kurikulum tulad ng literasing pangkapaligiran, diskursong pangkasarian, edukasyong pangkapayapaan, global na pagkamamamayan, pagnenegosyo, at iba pa.<br><br>Bagama't hindi lubos na kahingian, hinihikayat ang pagpapayaman sa bahaging ito gamit ang proseso ng integrasyon sa pamamagitan ng pagtalakay ng paksa at kaugnay na mga gawain o pagsasanay. |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


*Almario, Virgilio S. (2006) Pag-unawa sa Ating Pagtula : Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino. Anvil Publishing, Inc., Pasig City*

*Baisa-Julian, A. et.al (2017). Pinagyamang Pluma (Ikalawang Edisyon). Phoenix Publishing House.*

*Calibre 50 ( 2017) Corrido de Juanito https://www.youtube.com/watch?v=pC7a27zE2fs*

*Coroza, Michael M. (2016) Pagtataguyod ng Tula sa Pagtetext https://www.pressreader.com/philippines/liwayway/20160704/281676844226838*

Cruz, E.G., (2018). Ibong Adarna (Korido). Quezon City: C&E Publishing, Inc. 2008

*Diksiyonaryo*. (n.d.). Diksiyonaryo.ph. Retrieved from https://diksiyonaryo.ph

*Festin, R., Correa, R. (2018). Baybayin (Paglalayag sa Wika at Panitikan). Rex Book Store.*

*Filipino 7 Ikaapat na Markahan – Modyul 1 KALIGIRANG KASAYSAYAN NG IBONG ADARNA*

*IBONG ADARNA*. (n.d.). Mysite. Retrieved from https://leomargmercado.wixsite.com/ibongadarna/ibong-adarna


*Kaligirang Pangkasaysayan NG Ibong Adarna | PDF*. (n.d.). Scribd. Retrieved from https://www.scribd.com/document/419574819/Kaligirang-Pangkasaysayan-Ng-Ibong-Adarna

*KWF Diksiyonaryong Filipino*. (n.d.). Kwfdiksiyonaryo.ph. https://kwfdiksiyonaryo.ph

*Pag unawa sa kaisapan ng may akda ng Ibong Adarna*. (2022, March 21). SlideShare. https://www.slideshare.net/JulieAnnAnteligandoM/pag-unawa-sa-kaisapan-ng-may-akda-ng-ibong-adarna

*Rappler (2020) Tula sa pandemya: Mga nagwaging COVIDiona, COVIDagli, COVIDalit https://www.rappler.com/life-and-style/literature/filipino-poetry-coronavirus-pandemic-winners/*

*Trinidad, AlexisD. "Ang kasaysayan ng Ibong Adarna".Last modified July 8, 2016*

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**a. TULAGANAP**<br>Batay sa mga naging pangyayari sa panahon ng Kastila, magbigay ng apat na uri ng tula na lumaganap sa panahon ng Kastila na naging bahagi ng ating lipunan.<br><br>**b. PASA-GOT**<br>Pagpapasa-pasahan ng mga mag-aaral ang isang kahon na may tanong habang umaawit, kung kanino huminto ang kahon ay bubunot ng isang tanong na kailangang sagutin.<br>*(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel ang mga tanong)* | Batay sa naging pagtalakay sa kwarter 4, malayang makapagbibigay ng mga natutuhan ang mga mag-aaral batay sa tulang lumaganp sa panahon ng Kastila.<br><br>Ang mga posibleng isagot ng mga mag-aaral sa TULAGANAP ay:<br>pasyon, awit, dasal, korido, salawikain, sawikain<br><br>Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na may kinalaman sa nakaraang talakayan. Maaari ring magdagdag ang guro batay sa kung ano pa ang gusto niyang bigyang-pansin sa nakaraang talakayan. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:<br><br>**b. DALOY NG BUHAY**<br>Gamit ang *timeline*, magtala ng limang mahahalagang pangyayari sa iyong buhay na naganap mula sa iyong kapanganakan hanggang sa kasalukuyan.<br><br>*(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel ang larawan)*<br><br>Sasagutin ng mga mag-aaral ang sumusunod na tanong:<br><br>1. Ano ang iyong naramdaman habang binabalikan ang mga mahahalagang pangyayari sa iyong buhay?<br>2. Bakit ito ang napili mong mahalagang pangyayari sa iyong buhay?<br>3. Bakit mahalagang balikan ang pangyayari sa ating buhay?<br>4. Bakit mahalagang balikan ang pangyayari sa kasaysayan ng ating bansa gamit ang Panitikan?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**b. TUKOY-SALITA**<br>Punan ng wastong titik ang bawat kahon upang matukoy kung anong salita ang binibigyang kahulugan sa bawat pahayag. Pagkatapos, gamitin sa makabuluhang pangungusap ang bawat salita.<br><br>*(Tingnan sa pahina 5-6 ng Sagutang Papel)* | Mga gawaing panghikayat. Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag-aaral. Gamiting modelo ang gawaing inihanda.<br><br>Maraming pangyayari sa ating buhay ang may malaking impluwensiya sa ating pananaw, pamumuhay at pagkatao. Ang mga mahahalagang pangyayaring ito ay maaaring naging batayan ng ating pamumuhay sa kasalukuyan.<br><br>Ganoon din naman, upang maunawaan natin nang lubos ang mga nagaganap sa ating bansa sa kasalukuyan, mahalagang balikan ang kasaysayan ng ating bayan gamit ang Panitikan.<br><br>Sa pamamagitan ng pag-aaral ng Ibong Adarna, masasalamin ang nagging paniniwala at pag-uugali ng ating mga ninuno na hinubog ng Pananakop ng mga Kastila. |

<table>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWA AT IKATLONG ARAW<br><br>
Kaugnay na Paksa 1: Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna<br><br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>
a. Patnubay na Tanong:<br><br>
Basahin ang mga patnubay na tanong bago basahin ang akda bilang gabay sa inyong pag-unawa.<br><br>
a. Ano-ano ang tema at paksa ng Ibong Adarna sa panahon ng kolonisasyon ng Kastila sa bansa?<br>
b. Bakit di matunton ang sumulat ng Ibong Adarna?<br>
c. Saang mga bansa hinango ang Ibong Adarna?<br>
d. Paano isinulat ang manuskrito ng Ibong Adarna batay sa istraktura?<br>
e. Masasalamin ba sa Ibong Adarna ang kalinangan ng ating bansa? Patunayan.<br><br>
b. Pinatnubayang Pagsasanay<br>
Gawin ang mga nakahandang gawain pagkatapos basahin ang akda.<br><br>
PINATNUBAYANG PAGBASA:<br><br>
Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna<br><br>
<u>Paglaganap ng Korido sa Panahon ng Kastila</u><br><br>
Noong Marso 16, 1521, dumating si Ferdinand Magellan sa Pilipinas, na nagbukas ng ugnayang Espanyol at Pilipino. Gayunpaman, ang tunay na pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas ay nagsimula noong 1565 sa pamamagitan ni Miguel Lopez de Legaspi, na nagtatag ng unang permanenteng pamayanan sa Cebu. Ito ang nagsimula ng mas malawakang kolonisasyon ng Pilipinas at nagdulot ng malalim na epekto sa kultura at lipunan ng bansa.
</td>
<td>
Tiyaking bago ipabasa ang akda, muling magamit ang mga susing salita sa pag- uugnay sa konteksto ng bagong aralin. Sa ganitong paraan, mahalaga ang patnubay upang maiproseso ang iba’t ibang palatandaan ng pag-unawa.<br><br>
Mahalagang maghanda ng pamatnubay na iba’t ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay.<br><br>
Maaaring kunin o gamitin ng guro ang tala sa:<br><br>
https://leomargmercado.wixsite.com/ibongadarna/ibong-adarna
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Sinunog ng Kastila ang mga nakasulat na panitikan ng ating mga ninuno dahil sa kanilang layunin na itaguyod ang Katolisismo, pinalitan nila ang mga nakasulat na panitikan ng mga Pilipino ng mga akdang naglalaman ng mga aral ng Katolisismo. Dahil dito, ang panitikan noong panahon ng Kastila ay nagkaroon ng mga elemento at anyo na katulad sa mga akdang Espanyol. Lumaganap ang mga anyong tulad ng mga tulang liriko, awit, korido, at pasyon sa larangan ng panulaan.<br><br>Ang panitikan ay naging isang mabisang instrumento upang mapalaganap ang relihiyong Katolisismo sa bansa. Ang mga tulang romansa, tulad ng awit at korido, ay nagbibigay-halaga sa diwang Kristiyanismo at karaniwang naglalarawan ng mga pakikipagsapalaran at kabayanihan kung saan ang pangunahing tauhan ay nagtatagumpay dahil sa kaniyang matatag na pananampalataya at matiyagang pagtawag sa Diyos. Ang mga tulang bayani o epiko ay pinalitan ng mga akdang nakatuon sa pananalig kay Kristo at iba pang mga santo.<br><br>Ang Ibong Adarna ay isang tulang pasalaysay na kilala sa kaniyang romantisadong paksa na naglalarawan ng mga bayani na taglay ang dugong bughaw. Ito ay isa sa mga paboritong anyo ng tula sa Europa, partikular na ang mga tulang pasalaysay na may paksa ng pakikipagsapalaran at kabayanihan. Ang ganitong uri ng tulang romansa ay kilala at popular sa iba't ibang wika at karaniwang binabasa ng mga kababaihan. Sa Espanya, lalo itong sumikat noong panahon ng mga haring Katoliko, lalo na matapos ang pagtanggap ng kontrol sa Granada noong 1479.<br><br>Hanggang sa ngayon, hindi pa rin tiyak kung sino ang tunay na may-akda ng koridong Ibong Adarna. Sinabi ni Pura Santillan-Castrence, kilalang propesor ng literatura, na maaaring ang kwentong Scala Celi ang pinagmulan ng Ibong Adarna. Ipinapahayag na ang akda ay likha ng isang paring Dominiko noong 1300 A.D. Ang Scala Celi ay tumatalakay sa isang hari na maysakit at nangangailangan ng tubig ng buhay upang gumaling. Sa paglalakbay ng tatlong anak upang hanapin ang lunas, ang bunso ang pinakamabait at pinakamagalang. Siya rin ang nakakamit ng lunas para sa sakit ng kanilang amang hari matapos tulungan ng isang matandang lalaki. Pinagdaanan niya ang maraming pagsubok sa pagkuha ng tubig ng buhay, kabilang ang pagharap sa mapanganib na ahas, mga nakabibighaning dalaga, at | |


| | | |
|---|---|---|
| | mga kawal na nagbabantay. Sa wakas, nagtapos ang kuwento sa pagpapakasal ng prinsipe at prinsesa, at namuhay sila nang maligaya.<br><br>Dahil dito, ang tunay na pinagmulan ng kwento ng akdang ito ay maaaring hango lamang sa mga kuwentong-bayan ng iba't ibang bansa sa Europa tulad ng Romania, Denmark, Austria, Alemanya, at Finland. Ito rin ang nagtutulak sa ilan na hindi ganap na ituring ang Ibong Adarna bilang bahagi ng panitikang Pilipino dahil sa likas nitong pagkakaroon ng pinagmulan sa ibang bansa. Sa pagsusuri ng kasaysayan, kilala ang anyo ng tulang romansa sa Europa noong panahon ng Medieval o Middle Ages. Tinatayang noong 1610, mula sa bansang Mexico, dumating ang akdang ito sa Pilipinas at ginamit bilang isang kasangkapan ng mga Espanyol upang hikayatin ang mga katutubo na tanggapin ang relihiyong Katolisismo.<br><br>May mga koridong hindi matunton ang sumulat kaya maaaring sabihing salaysaying-bayan. Ang ganitong salaysay ay nagpalipat-lipat sa maraming bibig, yumaman sa nilalaman, at habang isinalaysay ay nadaragdagan. Gayunpaman, sinasabi ng maraming kritiko ang pagpapalagay na ang may akda o unang humango nito ay si Jose Dela Cruz na kilala sa tawag na Huseng Sisiw. Ayon kay Julian Cruz Balmaceda, Si Huseng Sisiw ang nagturo umano kay Francisco Balagtas kung paano sumulat ng tula.<br><br>Bagama't ang Ibong Adarna ay itinuturing na halaw o nagmula sa ibang bansa, ang nilalaman naman nito ay sumasalamin sa kalinangan at kultura ng mga Pilipino. Sa akdang ito, makikita ang mga natatanging kaugalian at halaga ng mga Pilipino tulad ng matibay na pananampalataya sa Poong Maykapal, pagpapahalaga sa pamilya, respeto sa mga magulang at nakatatanda, pagtulong sa mga nangangailangan, paggalang sa kapwa, pagtanaw ng utang na loob, pagpapahalaga sa dignidad ng kababaihan, at determinasyon sa harap ng mga pagsubok.<br><br>Bukod sa mga aral na ito, tinangkilik din ng mga Pilipino ang Ibong Adarna noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol dahil nagdulot ito ng aliw at kasiyahan sa kanila. Sa katunayan, itinuturing na panitikang pantakas (escapist) ang Ibong Adarna dahil sa sandaling pagbabasa o panonood nito, pansamantalang nakakalimutan ng mga Pilipino ang kanilang mga suliranin at naihahatid sila sa | |

ibang mundo, kung saan nagaganap ang pakikipagsapalaran ni Don Juan, ang pangunahing tauhan sa akda.

Sa lahat ng koridong nailimbag at isinulat sa Pilipinas, mas nakilala ang Ibong Adarna dahil bukod sa mga pirasong ito ay mabibili sa mga perya tuwing kapistahan, ipinapalabas din ito sa mga entablado, tulad ng komedya o moro-moro. Dahil sa malawakang paglipat-lipat ng mga sipi, ang mga manuskrito at maging ang mga inilathalang kopya ng Ibong Adarna ay binibigyang-pansin ang pagkakasulat nito, lalo na ang mga sukat at tugma ng bawat saknong. Sa kasalukuyan, ang mga standardisadong sipi ang karaniwang ginagamit sa mga paaralan at pahayagan na kasasalaminan ng ating lipunan gayundin ng mga pagpapahalagang Pilipino.

**a. TINIG NG KORIDO**

Gamit ang timeline, itala ang mahahalagang pangyayari na naganap sa Kaligirang Pangkasaysayan *sa panahon ng paglikha ng Obra Maestra-Ibong Adarna.*




https://www.pinterest.com/pin/660340364099637990

**Ang Ibong Adarna bilang isang Korido**

Ang Ibong Adarna ay isinulat bilang isang **korido** o isang uri ng awit bilang panalanging iniaalay sa Birheng Maria.

Ang salitang "Korido" ay nagmula sa Mehikanong salita na *"occurido"* na nangangahulugang *"mga pangyayaring naganap na"*. Ang salitang Mehikanong *"ocorrido"* naman ay mula sa Kastilang "*corridor."* Ang korido ay isang uri ng tulang pasalaysay na romansa na naglalarawan ng mga pakikipagsapalaran sa buhay na may kinalaman sa kababalaghan at pantasya. Ito rin ay nagpapakita ng kagitingan, kabayanihan, at pagkamaharlika.

May dalawang pangunahing uri ng tulang pasalaysay: ang awit at korido.

Sa kasalukuyang panahon, ang korido ay inaawit pa rin sa Mexico. Maaaring iparinig ng guro ang isang makabagong korido na inawit ng isang sikat na banda sa Mexico na may pangalang Calibre 50. Ang "Corrido de Juanito" ay tungkol

| | | |
|---|---|---|
| | Sa awit, ang sukat ng bawat saknong ay lalabindalawahing pantig (12 syllables). Karaniwang mabagal ang pagbigkas o pag-awit nito, kaya't ito ay may pagkamadamdamin (andante). Ang paksa nito ay malapit sa kasaysayan, kaya't higit na makatotohanan. Bukod dito, ang awit ay kilala sa pagiging buhay at masigla ang damdamin.<br><br>Sa kabilang dako, ang korido ay isang anyo ng tulang Espanyol. Sa korido, ang sukat ng bawat linya sa isang saknong ay wawaluhing pantig (8 syllables). Mabilis ang pag-awit o pagbigkas nito (allegro) tulad sa mabilis na pagsasalaysay. Karaniwang ang paksa nito ay mga alamat at pantasya, at kung minsan ay may kapangyarihang supernatural ang mga tauhan. May malalim na damdaming relihiyoso ang korido.<br><br>Nagkasanib sa tulang romansa ang dayuhan at ang katutubo. Dayuhan ang (1) **anyong pampanitikan** na galing sa Europa at dinala rito ng mga prayle at sundong Kastila; (2) **ang mga tauhan**, na may prinsipe at prinsesang may mga pangalang dayuhan; (3) **ang tagpuan**, na karaniwang isang malayong kaharian sa Europa; at (4) **ang paksang relihiyoso** na pinalalaganap sa pamamagitan ng anyong pampanitikang ito.<br><br>Ngunit binibihisan na ang tulang romansa ng katutubong pagkamalikhain. Katutubo ang (1) wikang ginagamit sa mga tulang romansa; (2) ang tradisyon sa pagtula na dati nang ginagamit sa panitikang salimbibig, tulad ng bugtong, sawikain, at iba pa; (3) ang mga talinghagang likas sa wika; at (4) ang mga pagpapahalagang pamana ng ating mga ninuno,tulad ng pagmamahal sa magulang, pagtulong sa nangangailangan at iba pa.<br><br>Noong 1949, sa pamamagitan ng matiyaga at masusing pag-aaral ni Marcelo P. Garcia ng iba't ibang sipi ng Ibong Adarna ay isinaayos niya ang pagkakasulat ng kabuoan ng akda partikular ang sukat at tugma ng bawat saknong. Sa kasulukuyan, ang kanyang isinaayos na sipi ang karaniwang ginagamit sa mga paaralan at palimbagan. | sa buhay ng mga Mexicano na nagtatrabaho sa Amerika at ang buhay nila ay hindi nalalayo sa mga kababayan nating Overseas Filipino Workers:<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=pC7a27zE2fs |

Ang orihinal na pamagat ng Ibong Adarna ay **Corrido at Buhay na Pinagdaanan nang Tatlong Principeng Magcacapatid na Anac nang Haring Fernando at nang Reina Valeriana sa Cahariang Berbania**.

Ang orihinal na bersiyong nakarating sa Pilipinas ay mayroong *1,056* na saknong at ang kabuuan ng aklat ay mayroong *48* na pahina.

Dahil sa mga aral na makukuha sa korido ay ginawa itong kabahagi ng pag-aaral ng mga kabataan at isa sa mga akdang pampanitikang tinatalakay sa hayskul.

Taglay ng Ibong Adarna ang *motif cycle* na karaniwang matatagpuan sa mga kuwentong-bayan:

1. May sakit ang amang/inang hari/reyna, isang mahiwagang bagay lamang ang lunas
2. Maglalakbay ang tatlong anak na prinsesa/prinsipe upang hanapin ang lunas
3. Magtatagumpay ang bunso dahil sa kanyang likas na kabutihan at pagkamatulungin
4. Aagawin ng mga nakatatandang kapatid ang nahanap niyang lunas at karangalan, pahihirapan siya, ngunit magtatagumpay rin sa huli
5. Makauuwi siya at gagaling ang may sakit na magulang

**b. KORIDO-KUMENTO**

Itala ang mga mahahalagang kaisipan kaugnay sa pagkakasulat ng Obra Maestrang Ibong Adarna batay sa pinagmulan, istraktura at nilalaman nito.

| **IBONG ADARNA** | | |
|---|---|---|
| **PINAGMULAN** | **ISTRAKTURA** | **NILALAMAN** |
| | | |

**Paglalapat at Pag-uugnay**

Sagutin ang mga nakahandang tanong pagkatapos basahin ang bahagi ng Ibong Adarna, sakong 1-6.

Ang Panalangin

1 O, Birheng kaibig-ibig
Ina naming nasa langit
liwanagin yaring isip
nang sa layo'y 'di malihis.

2 Ako'y isang hamak lamang
taong lupa ang katawan
mahina ang kaisipan
at maulap anng pananaw.

3 Malimit na makagawa
ng hakbang na pasaliwa
ang tumpak kong ninasa
kung mayari ay pahidwa.

4 Labis yaring pangangamba
na lumayag na mag-isa,
baka kung mapalaot na
ang mamangka'y di makaya

5 Kaya, Inang matangkakal
ako'y iyong patnubayan.
nang mawasto sa pagbanghay
nitong kakathaing buhay.

6 At sa tanang nariritong
nalilimping maginoo
kahilinga'y dinggin ninyo
buhay na aawitin ko.

**TANONG-SAGOT**

1. Inilarawan sa akda ang tauhang nagsasalita, ano ang kanyang katangian batay sa binasa?
2. Ang akda ay nagpapakita ng matinding panalangin sa Birheng Maria, ano ang kanyang kahilingan sa kanyang paglalakbay?
3. Anong damdamin ang namayani sa akda at bakit ito ang damdaming namayani
4. sa akda?
5. Anong kaugalian ng mga Pilipino ang ipinapakita sa akda?
6. Ano ang pangkalahatang mensaheng nais ipabatid ng akda?

**Ang Katutubong Tulang Dalit**

Ipinahayag ng makatang si Virgilio Almario (2006) na ang paggamit ng terminong "Korido" ay waring pagtatangkang tabunan ang katutubong tulang Dalit na may wawaluhin ding pantig bawat taludtod at binubuo ng apat na taludtod. Dagdag pa ni Almario, sa Compendio del arte de la lengua tagala (1703) ni Fray Gaspar de San

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Agustin, nakasaad na popular ang Dalit sa mga Tagalog at ginagamit nila ito upang ipahayag ang kanilang “matatayog na kaisipan at mabibigat na damdamin”. Narito ang halimbawa ng sinaunang Dalit:<br><br>Caloloua co’y, hogasan<br>pacalinisi’ t sosian<br>pauian mo ri’t, alisan<br>domi’t, libag, casalanan<br><br>May paksang panrelihiyon din ang tula na nagsasabing ang tao ay makasalanan at kailangang linisin ang kaluluwa upang makarating sa buhay na walang hanggan.<br><br>Noong 2003 ay muling binuhay ang tulang Dalit ng Institute of Creative Writing ng UP Diliman at ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) sa pamamagitan ng DALITEXT na isang patimpalak gamit ang text messaging sa cellphone. Ilan sa mga nagwaging Dalit ay ang mga sumusunod:<br><br>Ang punong mangga’y tinagpas<br>At sinilaban ang ugat;<br>Bunga’y nalaglag, naagnas<br>Namula’t naging mansanas<br>(Vladimeir Gonzalez)<br><br>Buhok man ay nagkulay tsok<br>Lalamunan ma’y napaos<br>Walang lubay sa paghubog<br>Ng magiging manunubos<br>(Gregorio Rodillo)<br><br>Langgam, langgam kagatin mo<br>Ang singit ng pulitiko;<br>Asam-asam, aming boto<br>Pag nanalo, lustay pondo<br>(Joel Costa Malabanan)<br><br>Nagkakalyo na ang tuhod</td>
<td>Mahalagang maipaunawa sa mga mag-aaral na ang Korido at Dalit ay magkatulad ng sukat: walong pantig. Ang tulang Dalit sa kasalukuyan ay nagagamit pa rin sa paglalahad ng saloobin tungkol sa mga nagaganap sa lipunan.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Sa Quiapo'y luhod nang luhod<br>Mga kandila ay tuod<br>Sinasamba pala'y uod.<br>(Michael Andrada)<br><br>Sa panahon ng pandemya ng Covid 19 noong 2020, ang Foundation AWIT, isang non-profit organization na ang layon ay mapabuti ang kalusugan, edukasyon, at pagkamalikhain ng kabataang may kapansanan ay naglunsad ng patimpalak na tinawag nilang CoviDalit (Nadera, 2020). Narito ang ilan sa mga piyesa:<br><br>Linya ba ang nagtatakda<br>Sa bawat hakbang ng madla?<br>Distansya nga'y 'sang sandata<br>Sa kalabang di makita.<br>(Joan Christine Zuniga)<br><br>Walang pinipiling bihis<br>Kayang ibigay ang nais;<br>Tumindig sa bawat krisis<br>Kayang dagdagan ang labis!<br>(Virgilio Gervacio)<br><br>Sa pangkalahatan, ang tulang may walong pantig bawat taludtod, korido man o dalit ay may mahalaga pa ring papel sa kasalukuyan sa paglalahad ng saloobin at pagtatala ng mga nagaganap na kapaki-pakinabang upang tayo ay matuto at makapagsuri sa lipunan. | Maaaring magpagawa ang guro ng tulang Dalit tungkol sa isang napapanahong isyu. |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.<br><br>**HAGDAN NG PAGKATUTO:** Balikang muli ang napag-aralan upang iugnay ang iba pang konsepto at kaisipan. Isulat sa hagdan ang mga natutunan kaugnay sa Ibong Adarna.<br>*(Tingnan sa pahina 12 ng Sagutang Papel)* | *Gagabayan ng guro*<br><br>*ang mga mag-aaral sa gawaing ito.* |

| | | |
|---|---|---|
| | **1. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**I-FLEX KO:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong naging karanasan sa pagtalakay sa Kaligirang Pangkasaysayan ng Obra Maestrang Ibong Adarna.<br><br>*(Tingnan sa pahina 13 ng Sagutang Papel)* | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>**TUKOY-SAGOT:** Tukuyin kung alin sa mga mahahalagang pangyayari ang hinahanap sa bawat bilang.<br><br>1. Kailan dumating ang akdang Ibong Adarna sa Pilipinas at ginamit bilang isang kasangkapan ng mga Espanyol upang hikayatin ang mga katutubo na tanggapin ang relihiyong Katolisismo?<br>A. Noong 1479, matapos ang pagtanggap ng kontrol sa Granada<br>B. Marso 16, 1521 mula ng dumating si Ferdinand Magellan<br>C. Noong 1565 sa pamamagitan ni Miguel Lopez de Legaspi<br>D. Noong 1610 mula sa bansang Mexico<br><br>2. Hanggang sa ngayon, hindi pa rin tiyak kung sino ang tunay na may-akda ng koridong Ibong Adarna. Gayunpaman, sino ang pinagpapalagay ng maraming kritiko na may akda o unang humango ng Ibong Adarna sa bansa na kilala sa tawag na Huseng Sisiw?<br>A. Francisco Balagtas<br>B. Jose Dela Cruz<br>C. Julian Cruz Balmaceda<br>D. Pura Santillan-Castrence<br><br>3. Makikita ang mga natatanging kaugalian at halaga ng mga Pilipino sa Ibong Adarna, **maliban sa:**<br>A. pananakop sa mga bansa<br>B. pagpapahalaga sa pamilya | Ito ay pagtataya sa pag-unawa sa nilalaman at naipamalas na kasanayan ng mga mag-aaral.<br><br>Maaaring hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng *quiz notebook* upang masubaybayan ang kanilang pang-akademikong pag-unlad. Ang *quiz notebook* ay maaari ding magsilbing *homework notebook.*<br><br>**Susi ng Pagwawasto:**<br>1. D<br>2. C<br>3. A<br>4. B<br>5. C |

C. pananampalataya sa Poong Maykapal
D. respeto sa mga magulang at nakatatanda

4. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa Katangian ng isang Korido?
   A. may pagkamadamdamin at andante ang pagbigkas
   B. may wawaluhing pantig at mabilis ang pag-awit o pagbigkas
   C. may lalabindalawahing pantig at mabagal ang pagbigkas o pag-awit
   D. may paksang malapit sa kasaysayan, kaya't higit na makatotohanan

5. Paano ginamit ng mga Kastila ang panitikan sa ating bansa?
   A. upang magkaroon ng pagkakaisa
   B. upang mapamahal sa bawat pamilya
   C. upang mapalaganap ang relihiyong Katolisismo sa bansa
   D. upang pansamantalang nakakalimutan ang kanilang mga suliranin

**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsyunal)**

**MULA SA PUSO.** Isulat sa loob ng puso ang kahalagahan ng Pag-aaral ng Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna.



| **B. Pagbuo ng Anotasyon** Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| naging pagtuturo.<br>Dito<br>idodokumento ang<br>naging karanasan<br>mula sa<br>namasdang<br>ginamit na<br>estratehiya,<br>kagamitang<br>panturo,<br>pakikisangkot ng<br>mga mag-aaral, at<br>iba pa. maaaring<br>tala rin ang<br>bahaging ito sa<br>dapat maisagawa<br>o maipagpatuloy<br>sa susunod na<br>pagtuturo.<br><br>Maaaring bigyan<br>ng gabay ang guro<br>sa kung anong<br>bahagi o aspeto ng<br>aralin ang<br>bibigyang pansin<br>para sa mga tala. | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay**<br>Ang bahaging ito<br>ay patnubay sa<br>guro para sa<br>pagninilay. Ang<br>mga maitatala sa | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?* | | | |

| | | |
|---|---|---|
| bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.<br><br>Ilang halimbawang tanong ang makikita sa pangalawang hanay. | *Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |